

Mga Bakuna Para sa mga Sanggol at Batang Paslit



Ang mga sanggol at batang paslit ay nasa mas mataas na panganib na magkasakit nang mas malubha mula sa mga sakit na mapipigilan ng bakuna dahil hindi pa lubos na nabubuo ang kanilang sistema ng imyunidad. Habang ang mga maliliit na bata ay nagsisimulang makisalamuha ng mas malimit sa kanilang kapaligiran at iba pang mga tao, ang mga bakuna ay mahalaga upang pumrotekta laban sa mga malubhang sakit at upang makatulong na mapigil ang mga pagsiklab sa komunidad, kabilang ang lugar ng mga pinag-aalagaan sa mga bata ng araw (daycare) at mga sentro ng edukasyon sa mga masyado pang bata.

Ang mga bakuna ay inirerekomenda sa iba't ibang yugto sa buong buhay ng iyong anak, maingat na itinetiyempo upang maprotektahan ang mga bata kapag sila ay nasa pinakamahinang kalagayan para sa mga sakit at kapag ang bakuna ay magbibigay ng pinakamalakas na pagtugon mula sa sistema ng imyunidad ng bata.

Ang lahat ng inirerekomendang mga bakuna ay masusi ng napag-aralan at ligtas na pinipigil ang mga sakit, tulad ng tigdas, biki at bulutong. Sila ay lubusan ng nasubok upang masigurado na nagbibigay sila ng higit na proteksyon sa iyong anak kaysa sa kung hindi sila nabakunahan.

Para sa pinakamagaling na proteksyon, ang mga sanggol at batang paslit ay dapat manatiling napapanahon sa lahat ng kanilang mga bakuna. Ito ay lalong mahalaga sa panahon ng taglagas at taglamig, kapag ang mga bata ay karaniwang matagal nagkakasama ng iba pang mga bata sa mga panloob na lugar, na nagdaragdag ng panganib ng pagkalat ng mga sakit sa palahingahan, tulad ng trangkaso, COVID 19 at RSV (respiratory syncytial virus).

Ano ang mga Bakuna na Dapat Kunin ng Aking Anak?

Ang mga bakunang ito ay inirerekomenda para sa mga sanggol at batang paslit, na ibinibigay sa pagitan ng kapanganakan at anim na taong gulang, upang maprotektahan mula sa 15 potensyal na nakamamatay na nakakahawang sakit:

- ♦ **Bakuna sa DTaP:** Ang 5 dosis na mga serye ay inirerekomenda, simula sa edad na 2 buwan, upang pumrotekta laban sa diphtheria, tetanus at ubong dalahit, na lalong mapanganib para sa mga sanggol.
- ♦ **Bakuna sa Hepatitis B:** Ang 3 dosis na mga serye, simula sa kapanganakan, ay inirerekomenda upang pumrotekta laban sa Hepatitis B, na maaaring magsanhi ng lagnat, sakit ng ulo, panghihina, pagsusuka, paninilaw ng balat at pangmatagalang mga komplikasyon sa kalusugan.
- ♦ **Bakuna sa Polio:** Ang 4 na dosis na mga serye, kapag sinimulan sa edad na 2 buwan, ay maaaring makapigil sa polio, isang sakit na nagdudulot sa pananakit ng lalamunann, lagnat, pagkahilo at pagkaparalisa.



Mga Bakuna Para sa mga Sanggol at Batang Paslit



- ◆ **Bakuna sa MMR:** Dalawang dosis ang inirerekomenda, ang una ay sa edad na 12 hanggang 15 buwan at ang pangalawa ay sa edad 4 hanggang 6 na taong gulang, para sa pinakanagpoprotekta laban sa mga madaling maipasang mga sakit na ito: tigas, biki at tigas-hangin [rubella] (German measles).
- ◆ **Bakuna sa Bulutong:** Dalawang dosis ang inirerekomenda, ang una ay sa edad 12 hanggang 15 buwan at ang pangalawa ay sa edad 4 hanggang 6 na taong gulang, upang pumrotekta laban sa bulutong-tubig (varicella), na maaaring magsanhi ng pantal, lagnat, naimpeksyong mga paltos, pamamaga ng utak at/o pulmonya.
- ◆ **Bakuna sa Trangkaso:** Ang isang dosis ay inirerekomenda taun-taon para sa karamihan ng mga batang 6 na buwang gulang pataas. Ang ilang mga bata ay maaaring mangailangan ng dalawang dosis. Ang iyong tagapangalaga ng kalusugan (health care provider) ay maaaring magrekomenda ng pinakamagaling na dosis upang pumrotekta laban sa trangkaso, na maaaring magsanhi ng lagnat, pananakit ng kalamnan, matinding pagkapagod at impeksyon sa palahingahan.
- ◆ **Bakuna sa COVID-19:** Ang bakuna laban sa COVID 19 ay inirerekomenda para sa mga batang 6 na buwan pataas. Nag-aalok ang mga bakuna ng proteksyon mula sa Multisystem Inflammatory Syndrome (MIS C), isang panganib na nauugnay sa impeksyon sa COVID 19 sa mga bata. Ang mga batang 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang ay kailangan ng maraming dosis ng mga bakuna sa COVID-19 upang maging napapanahon, kasama na ang hindi bababa sa isang dosis ng binagong bakuna sa COVID-19.
 - Hindi pa Dati Nabakunahan: Dapat na tumanggap ng alinman sa binagong bakuna sa COVID-19 na 2 dosis ng Moderna o 3 dosis ng Pfizer-BioNTech.
 - Dati ng Tumanggap ng Ilang Dosis ng mRNA: Kailangan ng 1 o 2 dosis ng binagong bakuna sa COVID-19 ng Moderna o Pfizer-BioNTech, depende sa dami ng dating mga dosis.
 - Dati ng Napapanahon: Kailangan ng binagong mga bakuna sa COVID-19 ng Pfizer-BioNTech o Moderna.Ang mga batang 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang ay dapat na tumanggap ng lahat ng dosis ng bakuna mula sa parehong gumagawa nito (hal., lahat ng Pfizer o lahat ng Moderna) maliban kung walang produktong makukuha o mayroong masamang epekto (contraindication).
- ◆ **Imunisasyon sa RSV:** Ang mga sanggol na wala pang 8 buwang gulang na ipinanganak habang o papasok sa kanilang unang panahon (season) ng RSV (Oktubre hanggang Marso) ay dapat makatanggap ng isang dosis ng nirsevimab para maprotektahan laban sa respiratory syncytial virus (RSV), na nagsasanhi ng pulmonya at bronchiolitis sa mga murang edad ng mga sanggol. Ang mga sanggol at mga batang 8 hanggang 19 na buwang gulang na [nasa mataas ang panganib na magkaroon ng RSV](#) at pumapasok sa kanilang ikalawang panahon ng RSV ay dapat ding tumanggap ng isa pang dosis.
- ◆ **Bakuna sa Rotavirus (RV):** 2 hanggang 3 dosis ng mga serye, simula sa edad na 2 buwan, upang pumrotekta laban sa virus na ito na maaaring magdulot ng matinding pagtatae, lagnat, pagsusuka at pagkawala ng tubig sa katawan (dehydration).
- ◆ **Bakuna sa Haemophilus influenzae Type b (Hib):** 3 hanggang 4- dosis na mga serye, simula sa edad na 2 buwan, na nagbibigay ng proteksyon laban sa impeksyon ng bakterya na maaaring magdulot ng meningitis, malubhang problema sa paghinga at pulmonya.



Mga Bakuna Para sa mga Sanggol at Batang Paslit



- ◆ **Bakuna sa Pneumococcal:** 4 na dosis na mga serye, simula sa edad na 2 buwan, na nagbibigay ng proteksyon laban sa maraming bakterya na maaaring maging sanhi ng impeksyon sa pulmonya, na nakakaapekto sa mga baga.
- ◆ **Bakuna sa Hepatitis A:** Dalawang dosis na ibinigay, sa pagitan ng 12 at 23 buwan na edad, na may pagitan na hindi bababa sa anim na buwan, upang pumrotekta laban sa Hepatitis A. Ang Hepatitis A ay maaaring magdulot ng lagnat, kawalan ng gana sa pagkain, paninilaw ng balat at pangmatagalang sakit sa atay, bato o dugo.

Paano ko Mapapabakunahan ang Aking Anak?

- ◆ Makipag-usap sa doktor na para sa bata/tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga sa kalusugan (pediatrician/primary health care provider) ng iyong anak tungkol sa mga bakuna.
- ◆ Kung wala kang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (health care provider), pumunta sa <http://publichealth.lacounty.gov/vaccines> upang makahanap ng libre at murang mga klinika sa pagpapabakuna at mas marami pang impormasyon tungkol sa mga bakuna.
- ◆ Ang pinakamagandang bahagi ay maaari kang makakuha ng karamihan sa mga bakuna sa parehong pagbisita! Nangangahulugan ito ng mas mababawasan ang hindi kaginhawahan para sa iyong anak, at gugugol ka ng mas kakaunting oras na malayo sa iyong iba pang mga aktibidad.



Sentrong Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan (Public Health Call Center)

Para sa mas marami pang impormasyon, ang Sentrong Tawagan para sa Pampublikong Kalusugan ay bukas ng 8 ng umaga hanggang 8 ng gabi pitong araw sa isang lingo sa **1-833-540-0473**.



Los Angeles County Department of Public Health

ph.lacounty.gov/vaccines

Vaccines for Infants and Toddlers 10/20/23 (Tagalog)



COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health